Alberta

Palabas na **balita**

# Magbigay ng iyong sasabihin tungkol sa seguro sa sasakayan

Abril 26, 2024 Mga katanungan sa media

## Nais ng pamahalaan ng Alberta na marinig mula sa mga Albertan kung paano gagawing mas abot-kaya at matatag ang seguro sa sasakyan para sa pangmatagalang panahon.

Ang halaga ng seguro sa sasakyan ay tumataas sa buong Canada, sa mga gastos sa pagkumpuni, kakulangan ng mga piyesa, pagnanakaw ng sasakyan, at mas mataas na personal na pinsala at mga legal na gastos na lahat ay nag-aambag.

Nangangailangan ang mga Albertan ng mas simple, mas abot-kaya at matatag na sistema ng seguro na nagpoproteka sa kanila at kanilng mga pamilya sa kalsada. Ang pamahalaan ay naglulunsad ng online na pagsisiyasat sa pampublikong pakikipag-ugnayan upang mangolekta ng katugunan mula sa mga Albertan kung ano ang kanilang pinahahalagahan at kailangan mula sa kanilang seguro sa sasakyan.

"Kami ay nagsusumikap na makabuo ng isang pangmatagalang solusyon sa kumplikadong isyu ng pagtaas ng mga gastos sa seguro sa sasakyan. Habang tinitimbang namin ang mga opsyon upang mapahusay ang sistema, kailangan namin na marinig mula sa mga Albertan ang kanilang mga iniisip at mga karanasan. Ang kanilang katugunan ay makakatulong sa amin na piliin ang tamang landas upang panatilihin abot-kaya at napapanatili ang seguro sa sasakyan."

*Nate Horner, Pangulo ng Lupon ng Tesorerya at Ministro ng Pananalapi*

“Ang pagiging abot-kaya ang pangunahing iniisip ng mga Albertan. Kailangan naming tiyakin na ginagawa namin ang lahat na aming makakaya para tulungan silang makatipid ng pera, at iyon ang dahilan kung bakit kami ay makikipag-ugnayan sa kanila sa mga pinkamahusay na opsyon upang mapababa ang mga halaga ng seguro sa sasakyan.

*Nathan Neudorf, Ministro ng Pagiging abot-kaya at mga Palingkurang-bayan*

Hiniling ng pamahalaan ng Alberta sa mga independiyenteng eksperto na tingnan ang mga sistema na maaaring mabawasan ang mga gastos ng seguro sa sasakyan at mapabuti ang pagpapanatili at katatagan ng industriya ng seguro.

Itinuon ng Oliver Wyman ang gawaiin nito sa paghahambing ang karaniwang mga bayad sa seguro sa ilalim ng iba't ibang umiiral na mga sistema ng seguro, higit sa lahat sa buong Canada. Sinuri ng Nous Group ang mas malawak na mga gastos at mga benepisyo ng iba't ibang mga modelo ng seguro sa sasakyan. Walang nagawang mga desisyon sa mga pagbabago na gagawin sa sistema ng seguro sa sasakyan ng Alberta. Ang mga ulat na ito ay gagamitin upang ipaalam ang mga pakikipag-ugnayan at mga patakaran sa hinaharap.

"Alam namin kapag walang mga reporma upang matugunan ang tumataas na gastos sa mga paghahabol sa aksidente, ang mga bayad sa seguro sa sasakyan ay patuloy na tataas. Hinihikayat namin na lahat ng mga nagmamaneho sa Alberta ay makilahok sa online na pagsisiyasat sa pampublikong pakikipag-ugnayan upang ibahagi ang kanilang mga pananaw kung ano ang kanilang pinahahalagahan at inaasahan mula sa kanilang seguro sa sasakyan.

*Jamie Hotte, presidente, Lupon ng Halaga ng Seguro sa Sasakyan*

Mababasa ng mga Albertan ang mga ulat ni Oliver Wyman at Nous Group online, pati na rin ang mga maikling buod na nagbibigay ng kasaysayan at konteksto para sa pagsisiyasat.

## Mabilis na mga katotohanan

- Ang pagsisiyasat ay bukas hanggang Miyerkules, Hunyo 26, 2024.

## Kaugnay na impormasyon

- Reporma sa seguro sa sasakyan
- Ulat: Mga Pagbabago sa Seguro sa Sasakyan sa Alberta (kabilang ang mga pag-aaral ng Oliver Wyman at Nous Group)
- Pakikipag-ugnayan sa Seguro sa Sasakyan

## Mga kaugnay na balita

- Mga mahuhusay na nagmamaneho na makikinabang sa mga pagbabago sa seguro sa sasakyan (Nobyembre 1, 2023)

## Mga katanungan sa media


### Justin Brattinga

587-357-2956
Kalihim ng Press, Lupon ng Tesorerya at Pananalapi